

**UNITED CHURCH OF CHRIST IN THE PHILIPPINES**  
***SOUTH LUZON JURISDICTIONAL AREA***  
***SOUTHERN TAGALOG CONFERENCE***  
**COMMISSION ON CHURCH LITRUGY AND MUSIC**  
**COMMISSION ON CHRISTIAN EDUCATION AND NURTURE**



***GABAY SA PAGDIRIWANG NG KUWARESMA 2017***

***TEMA***

***“ANG PAGLALAKBAY SA KUWARESMA TUNGO SA  
KAGANAPAN NG BAGONG SANGKATAUHAN”***

## **MGA NILALAMAN**

- I. PAGBATI MULA SA CONFERENCE MINISTER**
- II. GABAY LITURIYA AT MENSAHE SA MIYERKULES DE ABO (ASH WEDNESDAY)**
- III. GABAY LITURHIYA AT MENSAHE SA LINGGO NG PALASPAS (PALM SUNDAY)**
- IV. GABAY LITURHIYA AT MENSAHE SA HUWEBES SANTO/ RITWAL SA PAGHUHUGAS NG PAA**
- V. GABAY LITURHIYA SA BIYERNES SANTO**
- VI. GABAY MENSAHE SA HULING PITONG WIKA \**
- VII. GABAY LITURHIYA SA LINGGO NG MULING PAGKABUHAY**
- VIII. RITWAL SA KUMPIRMASYON**
- IX. GABAY SA KASAL KRISTIYANO**



**UNITED CHURCH OF CHRIST IN THE PHILIPPINES**  
*South Luzon Jurisdictional Area*  
**SOUTHERN TAGALOG CONFERENCE**

Corner Consolacion & 1<sup>st</sup> Sts., Villa Consolacion Sudb.  
Brgy. Lusacan, Tiaong, Quezon  
E-mail: [stcornerstone@yahoo.com.ph](mailto:stcornerstone@yahoo.com.ph) Cell # 0922-8304646 / 0998-8866499



**CONFERENCE COUNCIL**  
**2016-2018**

Rev. JUNWEL S. BUENO  
Conference Minister

Rev. IRENEO A. MANALO  
Deputy Conference Minister

Atty. MYLA JOY S. SHAI  
Chairperson

Mr. ANTONIO AUSTRIA  
Vice Chairperson

Ms. ALONA F. LARAQUEL  
Secretary

Mr. JOHRAM C. HERNANDEZ  
Treasurer

Ret. Col. NOEMI C. DE MESA  
Financial Secretary

Ms. EVELYN BARRAMEDA  
Auditor

Ordained Ministers Representatives

Rev. LUISITO H. SALIENDRA  
Rev. LEONARDO S. CABICO, Jr.  
Rev. YSMAEL D. CATAAG

Unordained Church Workers Representatives

DM. LOURMA DORCAS R. VALLE  
Ptr. EMELITA D. LINGA  
Ptr. REECE VEN V. BICO

Lay Persons Representatives

Dr. FABIAN C. ZUBIRI  
Ms. ELIZABETH S. BALDRIAS  
Mr. JUAN RAPHAEL EVANGELISTA

Representative to National Council  
Rev. NOEL A. SUMINISTRADO

Ministerial Formatn Comte., Chairperson  
Rev. LOREZA I. CABICO

Settlement Committee, Chairperson  
Rev. GAILRY A. TADIOÑA

Examination Committee, Chairperson  
Rev. LUISITO H. SALIENDRA

Program Chairpersons:

Ptr. ANALYN C. VILLALOBOS	CEN
Ptr. JESSIE A. ABINALES	CWS
Ret. Col. NOEMI C. DE MESA	CSRD
Rev. YSMAEL D. CATAAG	CPER
Rev. IRENEO A. MANALO	CECD
Rev. GILBERT L. SUAREZ	CCRO
Ptr. EMELITA D. LINGA	CLM

Mr. ROBERTO B. TEH  
UCM President

Ms. MERCEDITA V. TEH  
CWA President

Mr. JOSSEL MARI C. REYES  
CYF President

Mr. MELCHIZEDEK MERCADO  
CYAF President

Rev. GILBERT L. SUAREZ  
CWO President

Rev. RONNIE I. SALIENDRA  
STRCWSA President

Bishop JOEL C. TENDERO  
UCCP Bishop for SLJA

Bishop REUEL NORMAN O. MARIGZA  
UCCP General Secretary

Pebrero 25, 2017

Sa mga Iglesia Lokal/Worshipping Congregation  
**SOUTHERN TAGALOG CONFERENCE**

**Mahal na mga Kapatid kay Kristo,**

Tanggapin po ninyo ang isang mapagkaisa at mapagpalang pagbati mula sa ating **Kumperensya!**

Ang **Komisyon ng Edukasyong Kristiana** ng ating Kumperensya ay naglimbag ng gabay na ito para sa isang makabuluhan at nagkakaisang paraan ng pagninilay sa aral at hamon na hatid ng Kuwaresma.


“

**Paglalakbay sa Kuwaresma Tungo sa Kaganapan ng Bagong Sangkatauhan**”- Ito po ang paksa ng paggunita natin sa buhay, paghihirap at kamatayan ni Kristo sa krus sa kalbaryo. Nawa ang mga pagninilay na sinulat ng ating mga minamahal na mga Manggagawa sa Kumperensya ay maging daluyan ng mabiyaya at makapangyarihang mensahe sa patuloy na realisasyon ng pagbabago sa ating buhay, iglesia at pamayanan.

Maraming salamat po sa ating pagtangkilik sa gabay na ito. Gayundin kay Pastor Reece Ven Bico sa pangangasiwa at sa lahat ng mga sumulat ng pagninilay.. Maraming-maraming salamat po!

To God be the glory forevermore! Amen.

Lubos na sumasainyo,



REV. JUNWEL S. BUENO  
Conference Minister

**GABAY LITURHIYA AT MENSAHE PARA SA PAGDIRIWANG  
NG MIYERKULES DE ABO (ASH WEDNESDAY)  
REV. AMMIE N. CASTILLO-SOPRANES at DM ROSIE CABUYA**

*Maglagay sa altar ng kandila with scent, tubig, asin, at langis.  
Maaring oil w/ scent o Chinese incense para ito sa aroma therapy*

**Sindihaan ang kandila at Chinese incense**

**Awit ng Pagdulog**

**MASP #254**

**“KAY JESUS DULOG TAONG SALA”**

*Kay Jesus lapit ang may sala, Kaligtasa’y nasa kaniya;  
At alin mang hangad mo’t pita, Matatagpuan mo twi-twina.*

*Koro: Kay Jesus lapit na, Ay sa kaniya ay ligtas ka.  
Kay Jesus dulog na at sa kanya ay may buhay ka.*

*Nagkasala kang walang malay, Dumulog sa kanyang paanan  
Kay Jesus mo matatagpuan Ang mithi mong kapalaran*

**Panalangin ng Pagdulog**

**Pagbasang Sagutan**

**Filipos 1:2-11**

**Patnugot:** Sumainyo nawa ang pagpapala at kapayapaan ng Diyos na ating Ama at Panginoong Jesu-Cristo.

**Kapulungan:** Nagpapasalamat ako sa Diyos tuwing maaalaala ko kayo.

**Patnugot:** Ang aking mga panalangin para sa inyo ay laging puspos ng kagalakan.

**Kapulungan:** Dahil sa inyong tulong sa pagpapalaganap ng mabuting balita tungkol kay Cristo, mula nang ito’y inyong tanggapin hanggang sa kasalukuyan.

**Patnugot:** Tinitiyak ko sa inyong ang mabuting gawa na pinasimulan sa inyo ng Diyos ay kanyang lulubusin hanggang sa araw ng pagbabalik ni Cristo Jesus.

**Kapulungan:** Marapat lamang na pahalagahan ko kayo nang ganito, sapagkat kayo’y mahal sa akin. Naging kalahati ko kayo sa mga pagpapala ng Diyos noon pa mang ako’y nagtatanggol at nagpapalaganap ng Mabuting Balita, maging ngayong nakabilanggo ako.

**Patnugot:** Nalalaman ng Diyos na ang pananabik ko sa inyo ay kasinlaki ng pagmamahal sa inyo ni Cristo Jesus.

**Kapulungan:** Idinadalangin ko sa Diyos na mag ibayo ang inyong pag-ibig at masangkapan ng malinaw na pagkakilala at malawak na pagkaunawa.

**Patnugot:** Upang mapili ninyo ang pinakamahalaga sa lahat ng bagay. Sa gayon pagdating ng araw ng pagbalik ni Cristo, masumpungan kayong malinis, walang kapintasan, at puspos ng mgagandang katangiang kaloob sa inyo ni Jesu-Cristo, sa karangalan at kapurihan ng Diyos.

**+Gloria Patri**

**Awit ng Pagtitiwala**

**MASP #56**

**“DIOS ANG MAG-IINGAT SA IYO”**

Hwag ka nang manglulupaypay, Dios ang papatnubay, pakpak niyang mapagmahal, ikaw’y lulukuban.

Koro: Dios ang mag-iingat, sa iyo sa paglalakad; at sa bawa’t landas Dios ang mag iingat.

Sa paggawa araw-araw, kung di magtagumpay, sa mapanganib na daan, siya ang kaakbay.

Ang lahat mong kailangan siyang magbibigay dalangin mo’y pakikinggan, di ka tatanggihan.

Mabigat man ang pagsubok, siyang magkukupkop; sa dibdib n’ya ang ‘yong lungkot lulunasan ng Dios.

**Pagbasa sa Batayang Teksto**

**Repleksyon**

**Pagtala ng kahilingang panalangin, malasakit at pasasalamat**

- **Sharing time** -

***Mag-anyaya mula sa dumalo ng maaring magbahagi ng naging karanasan sa pagiging magpakumbaba, ano ang naging dulot na biyaya nito?***

**Pulong panalangin – maaring mag-grupo ng 2 o higit pa, para sa mga kahilingang panalangin (Gawain ng panalangin)**

**(gaganapin ang Pagkakaloob habang inaawit ang awit ng katiyakan)**

**Pangwakas na awit ng katiyakan**

**MASP Blg. 171**

**“KAPANATAGANG MALIGAYA”**

Kapanatagang maligaya, Ang idinulot ng ating Ama  
Sa kaluluwang nagkasala, Na nahahanda sa parusa

KORO: Ako'y Aawit gabi't araw, sa pagpupuring walang humpay  
At ang kay Jesus na pangalan,  
Purihin nating walang hanggan.

Wagas na handog ng pagsuko, Wagas na samo na may pagsuyo Wagas  
na labi, sampung puso,  
ang ihahandog kong pangako

Wagas na bunga ng pag-ibig, Sa Dios at tao ay isusulit,  
Upang malayo sa panganib, At sapitin ko yaong langit.

**Pagpahid ng abo sa Noo**

**PASTOR**

**(Habang inaawit ang MASP#254)**

**Pangwakas na pananalangin**

**Tatlong Amen**

## **REPLEKSYON SA ASH WEDNESDAY:**

May magkapatid na lalaki na ubod ng likot at sutil, at di malaman ng magulang ang gagawin sa kanila. Kaya dinala sa Pastor para kausapin sila.

Inunang kausapin ang mas bata. Gusto ng Pastor na mag-isip ito tungkol sa Dios, kaya nagsimula sa tanong na “Nasaan ang Diyos?” ngunit di sumagot ang bata, inulit ulit, at di parin sumagot. Kaya sa muling pag-uulit tinigasan na ng nabibigong Pastor ang tinig, idinuro ang daliri at pasigaw ang pagtatanong. “Nasaan ang Diyos?”

Biglang tumakbong palabas ang bata, umuwi at nagtago sa isang maliit na silid. Sinundan siya ng kapatid at tinanong “Anong nangyari?” sagot ng nagtatago lagot tayo ngayon. Nawawala ang Diyos at tayo’y pinagbibintangan.

Ang bata ay parang si Adan at Eba na nagsikap magtago mula sa Dios ng magkasala (Gen. 3:10)

Naranasan na nila malapit na pakikisama ng Diyos ngunit ngayon ay natatakot silang makaharap siya. Ngunit hinabol sila ng Dios at tinanong, Ano itong inyong ginawa? “Sa halip na magsisisi, isinisi ni Adan ang nangyari sa Dios at kay Eba. Sinisi naman ni Eba ang ahas.

Paano tayo haharap sa Dios pagnagkasala sa kanya? Magtatago ba tayo umaasa na di ito papansinin?

Ang pinakamabuting gawin ay lumabas sa pinagtataguan, ihayag at pagsisihan ang kasalanan at nang maibalik ang pasasalamat sa Dios.

Sa Joel 2:12-13

“Gayunman” sabi ni Yahweh, mataimtim kayong maagsisi at manumbalik sa akin, mag-ayuno kayo, manangis at magdalamhati. Magsisi kayo ng taos sa puso, at hindi pakitang tao lamang, magbalik loob kayo kay Yahweh na inyong Diyos, siya’y mahabagin at mapagmahal hindi mdaling magalit at wagas ang pag-ibig laging handang magpatawad at hindi nagpaparusa sa nagsisisi.



Ito ang paliwanag ni Pastor Joey Umali sa kanyang aklat na Unli Rice Vol.3 pg.121 kung bakit dapat “Magsisi at manumbalik sa Diyos”

Upang ayo’y mahango from disgrace to grace to salvation bilang isang bansa at indibidwual. Kailangan nating gawin ang mga sumusunod:

Pagsisihan ang ating mga kasalanan ng buong puso, pag-iisip at kaluluwa. Ito’y nangangahulugan ng pagsisising nag-bunga ng pagbabago ng isip at katapatan at pagtalikod sa mga kasalanang pinagsisihan.

Gawin panloob ang pagbabago, hindi pakitang tao lamang. May pagbabago kasing “peke” hindi totoo. Ang pagbabago ay dalisay, puro, walang halong pagkukunwari at panlilinlang, sapagkat ito’y pagbabagong inaalay sa kaluwalhatian at kapurihan ng Diyos.

Magbalik loob sa Diyos. Ang pagbabalik loob sa Diyos ay nangangahulugan ng pagsuko ng buong sarili sa Diyos bilang ating Diyos at Panginoon (Submission) at pagsunod sa kanyang banal na kalooban (Obedience) kapag tayo’y nagbalik loob sa Diyos, doon natin makikita at mararanasan na ang Diyos ay may magandang loob, puspos ng awa mapagpahinuhod, tapat sa kanyang pangako at laging handang magpatawad at hindi nagpaparusa. Sabi nga ni Pablo kung ang Diyos ay panig sa atin sino ang makakalaban sa atin (Roma 8:31)

Bilang bansa at indibidwual, marami tayong pinagdadaanang kasalanan, kahirapan, at mga pagsubok. Talikuran natin ang mga kasalanang ito at manumbalik tayo sa kanya.

**GABAY LITURHIYA AT MENSAHE PARA SA LINGGO NG  
PALASPAS (PALM SUNDAY)  
REV. YSMAEL D. CATAAG**

**LITURHIYA NG PAGSAMBA  
APRIL 9, 2017**

**Pambungad Na Tugtugin  
(Tahimik na pagdidili-dili)**

**Mga Salita ng Pagdidili-dili:**

“...Palm Sunday is a celebration – a celebration that affirms God’s breaking into the human community. Such affirmation calls for a remembrance of God’s faithfulness and a commitment to translate into a lifestyle the demands of what God brings into the human community...”

**+Awit-Prosesyunal                      Si Cristo ay Hari                      MASP blg. 6  
(habang umaawit ay iwawagayway ang hawak na palaspas)**

Si Cristo ang Haring tunay, Ng lahat ng lahi’t bayan;  
Kahariang walang hanggan, Araw’y walang kawakasan.

Buhat sa lahat ng bayan, mga tao’y mag-aalay;  
Sa kay Jesus na pangalan, Ng dalangin araw -araw.

Ang bawat lahi at angkan, sa pag-ibig Niya’y tatahan;  
Sa mga batang awita’y puri sa tanging pangalan.

**+ Tawag sa Pagsamba:**

**Patnugot:** Halina’t magdiwang sa kagalakan! Ilakas ang awitan!  
Sapagkat dumating na ang tunay na Hari na mapagtagumpay at mapagwagi.

**Kapulungan:** Dumating siyang may kapakumbabaan, batang asno ang kanyang sinakyan at paiiralin niya ang pagkakasundo, katarungan at kapayapaan.

**Patnugot:** Ipagdiwang natin ang araw na ito na may Pagpapasalamat. Halikayo at magsipasok tayo na ang ating puso ay nagdiriwang ng pagtatagumpay ni Jesus sa ating buhay.

**Kapulungan:** Hosanna sa kaitaasan! Hosanna sa kanyang Pangalan!  
Hosanna sa ating Tagapagligtas! Hosanna sa matagumpay na pagdating  
ni Jesus sa ating buhay.

**Patnugot:** Luwalhati sa Dios na nakipamuhay sa atin! Kapayapaan,  
katarungan at pagkakasundo ang sumaating lahat. Amen!

**+ Panalangin (sabay-sabay)**

Panginoon, niluluwalhati ka namin at itinataas ang aming puso sa Iyo.  
Nagagalak po kami sapagkat nahayag sa amin ang Inyong kadakilaan.  
Kayo ang tunay na Hari na pumasok sa aming buhay upang pairalin ang  
pagkakasundo. Sa pagsamba naming ito, ay aming aalalahanin ang  
matagumpay Mong pagpasok sa Jerusalem. Kami'y naniniwala na yaon ay  
kapahayagan ng isang matatag at matapat na paninindigan na ang  
katotohanan ay hindi kailanman masasagkaan ng kahit anong banta laban  
sa mga naghahayag nito. Huwag mo pong ipahintulot na matulad kami sa  
mga taong sumalubong sa iyo noon sa Jerusalem na naging taksil at  
kalauna'y sila rin ang humatol na ikaw ay ipako sa krus. Igawad mo po sa  
amin ang katapatan, sapat na katatagan at katalinuhan upang hindi kami  
madaya ng kasinungalingan. Ang Iyo nawang diwa at pakikiisa ang  
sumaamin sa aming sama-samang pagdiriwang ng matagumpay na  
pagdating ni Jesus sa aming buhay. Amen.

**+Tugong Awit "Purihin, Purihin" MASP blg. 215**

Purihin, purihin, purihin! Sa Panginoon ang lahat  
Ang puri at lakas sa pag-ibig tayo'y batbat  
Ng Dios na Trinidad.

Purihin sa awit natin ang puspos ng galing,  
Sa Dios dangal ang ihain kailan pa man, Amen.  
Sa Dios dangal ang ihain, purihin, purihin,  
Sa Dios dangal ang ihain kailan pa man... Amen!

**Tawag sa Pagsisisi:**

**Patnugot:** Halikayo, at buong kapakumbabaan tayong lumapit sa Dios.  
Ilagak natin ang ating buong tiwala sa kanya at tanggapin ang kanyang  
pagtutuwid sa ating mga kamalian at nagawang kasalanan.

**Kapulungan-** Linisin mo po kami Panginoon sa aming karumihan at  
ipatawad mo yaring aming kasalanan.

**Sandali ng Tahimik na Panalangin (sa saliw ng malamyos na  
tugtugin)**

**SALITA NG KATIYAKAN**

**Pastor:** Kayo ay maging mapagpakumbaba, mabait at matiyaga. Magmahalan kayo at magpaumanhinan, alisin na ninyo ang pagkakampi-kampi kundi lumakad na may tapat na pagsusuri sa sarili at sa kapwa.

**Awit ng Katiyakan “Ngayon ang Panahon” MASP blg. 82**

Ngayon nga ang panahon paglapit sa Pangino'n  
Nang tamuhin mo ngayon pag-irog N'ya't pag-ampon

Koro: Ngayon na, ngayon na, kay Jesus lumapit ka  
Ngayon na, ngayon na, ngayon di'y lumapit ka.

Magtapat ka sa Kanya ng nagawa mong sala,  
Nang tawad magtamo ka at maligtas sa dusa.

### **Salita ng Pagpapatawad**

**Pastor:** “Ako lamang ang nakakaalam ng mga panukalang inihanda ko para sa ikabubuti ninyo, at para dulutan kayo ng pagasa sa hinaharap. Kung magaganap na ito, kayo'y tatawag, lalapit, at dadalangin sa akin at diringgin ko naman kayo. Ako'y hanapin ninyo't masusumpungan kung buong puso ninyo akong hahanapin.” Magpasalamat tayo sa katiyakan ng mga salitang ito ng walang hanggang pag-ibig ni Jesu Cristo.

**Tugon: Give thanks with a grateful heart**

Give thanks with the Holy One  
Give thanks because His given  
Jesus Christ His Son  
And now let the strong say I will help  
Let the rich say I will share  
Because of what the Lord has done for us  
Give Thanks (repeat 2x)

### **Pagbabatian**

**Balita at Malasakit ng Iglesia**

**Panalanging Pastoral**

**(sa pagkakasundo, katarungan at kapayapaan)**

**Tugong Awit “Kapayapaan” BHP # 46-47**

Sa sandaigdigan mithi'y kapayapaan  
Ang kapayapaang batay sa katarungan  
Dios na S'yang patnubay ng lahi't bayan  
Hamon sa 'ting ugnayan ay pagmamahalan

Ang kapayapaan, sana ngayo'y dumatal  
Upang kaganapan ng buhay ay makamtan

Diwa't damdamin ay pag-alabin sa 'ming adhikain  
Sa kapayapaan ng buong daigdigang

**Pagbasa ng mga Salita sa Biblia**

**Mula sa Lumang Tipan      Zacarias 9 :9-10**

**+ Gloria Patri**

**Mula sa Ebanghelyo      Juan 12:12-19**

**Awit ng Koro**

**SERMON**

**Tawag sa Paghahandog (Patnugot)**

“Mas mabuting piliin ang malinis na pangalan kaysa pilak at ginto o anumang kayamanan”(Kawikaan 22:1)

**Paglilikom ng mga Handog**

**Handog na Awit**

**+ Doksolohiya**

**+ Panalangin ng Pagpapasalamat**

**Awit ng Pagtatalaga      “Halina't Lumaban” MASP blg. 132**

Halina't lumaban Kristianong kawal,  
Tayo'y tutulungan ni Kristong mahal;  
Di mapipila't ating kakamtan  
Kuta ng kaaway, hayo't lumaban.

Koro:

Kristiano'y humayo at lipulin mo,  
Kaaway ni Kristo dito sa mundo.

Halina't isabog kutang marupok,  
Nang mga balakyo't, kaaway ng Dios;  
Itakwil ang pagod, ang kaba't lungkot;  
Tapat na sumunod kay Kristo Jesus.

Halina't sugpuin, ang dayang lihim,  
Gawang sinungaling ng taong linsil;  
Pagwawagi'y atin, Kristo'y kapiling,  
Ang ating masupil, kay Kristo dalhin

**+ Panalangin ng Pagtatalaga**

**+ Pagpapala**

**+ Tatlong Amen**

## **Sermon Guide for Palm Sunday April 9, 2017**

### **Ang Matagumpay na Pagpasok sa Jerusalem (The Triumphal Entry into Jerusalem) Zacarias 9:9-10; Juan 12:12-19**

Magandang araw po sa bawat isa. Isang kagalakan na makapagbahagi ng gabay sa pagninilay para sa taong ito (2017) ng ating pagdiriwang na may temang: “Ang Paglalakbay sa Kuwaresma Patungo sa Kaganapan ng Bagong Sangkatauhan”. Ang paksa na napatoka sa akin ay ang Matagumpay na Pagpasok sa Jerusalem o “The Triumphal Entry into Jerusalem”.

Manalangin po tayo: Aming Panginoon, ibinubukas namin ang aming mga sarili sa tuwing lalapit kami sa Iyo. Suriin Mo po ang aming diwa maging ang pinakatagong bahagi ng aming puso upang mahayag sa Iyo ang buo naming pagkatao. Pumasok Ka sa aming buhay at ihanda kami sa pakikinig at pagninilay ng Iyong mga salita na nagbibigay buhay. Sa pangalan ni Jesus. Amen.

Sa mga paglalakbay ni Jesus, kadalasan Siya ay lakad, maliban sa ibang paglalakbay na kasama ang mga alagad sakay ng bangka. Sa ating teksto ayon sa ebanghelyo ni Juan 12:14, “nakakita si Jesus ng isang batang asno at sinakyan niya ito”. Ang batang asno (young donkey) ayon sa Eastern tradition ay isang hayop (animal) na sumisimbolo sa kapayapaan (peace), at ang kabayo (horse) naman ay hayop na sumisimbolo sa digmaan (war). Kung ikukumpara ang asno sa kabayo, mas may lakas at mabibilis ang kabayo. Ito ang sukatan ng kapangyarihan ng isang bansa na umaasa at nagtitiwala sa bilis ng kanilang kabayo (Isaias 31:1). Kaya ang mga makapangyarihang bansa ngayon sa buong daigdig ay umaasa sa lakas pang malilikha nilang armas at makapagtayo ng mga base militar upang tiyakin ang tagumpay sa digmaan.

Ngunit bakit ang piniling sakyan ni Jesus ay isang batang asno? Ang paglalakbay patungo sa kaganapan ng bagong sangkatauhan ay pagtatagumpay ng kapayapaan laban sa digmaan. Piniling sakyan ni Jesus ang batang asno dahil hindi siya maglalakbay patungong Jerusalem para sa digmaan kundi upang pairalin at magkaroon ng kapayapaan (just

and lasting). Ang Jerusalem noon ay sentro ng pampulitika at pang-ekonomiyang kapangyarihan. Ito ang base ng kapangyarihan ng mga naghaharing uri (oligarchy) kung kaya't lubhang mapanganib para sa kanya ang maglakbay patungo sa Jerusalem dahil wala siyang "safety and immunity guaranty". Anumang oras ay maari siyang arestuhin at litisin ng mataas na hukuman (Sanhedrin o Supreme Council). Ngunit anuman ang mangyari kay Jesus ay nakahanda siya sapagkat tapat siya at handa niyang tuparin ang ipinapagawa sa kanya ng kanyang Amang nasa langit -- - ang pairalin ang kapayapaan. "Jesus' entry to Jerusalem would have thus symbolized his entry as the Prince of Peace, not as a war-waging king."

Ang simbolismo ring ito ay nahayag sa aklat ni Zacarias 9:9: "O Zion, magdiwang ka sa kagalakan! O Jerusalem, ilakas mo ang awitan! Pagkat dumarating na ang inyong hari na mapagtagumpay at mapagwagi. Dumarating siyang may kapakumbabaan, batang asno ang kanyang sinasakyan." Ang tagumpay ay hindi sa bilis ng mga kabayo at lakas ng mga mangangabayo kundi sa pagpapakumbabang pagsunod sa kalooban ng Dios. Ang pagpasok ni Jesus sa Jerusalem ay isang hudyat na nagtagumpay ang kalooban ng Dios at manaig ang kapayapaan. Ito ang araw na makikita ang tunay na anyo ng kanyang mga alagad, ng mga taong kanyang pinagsilbihan, at ng mga ginawan niya ng mga himala at kabutihan. Kaya't sa pagharap kay Pilato, naramdaman ni Jesus kung paano ituring na isang criminal habang naririnig ang sigaw ng mga tao na nagsasabing ipako siya sa krus. (Juan 19:1-16). Sa katapusan mas mananaig ang kanyang kagustuhang tuparin ang kalooban ng kanyang Ama kahit na ito ay ikapahamak niya. Ibinigay ni Jesus ang kanyang buhay sa krus upang ibalik sa tao ang buhay na nawala dahil ng kasalanan. Sa ating paglalakbay patungo sa kaganapan ng bagong sangkatauhan ay piliin natin ang buhay na may kapayapaan kaysa kamatayang hatid ng digmaan.

□ Ang palmera (palm) bilang simbolo ng Pagpupugay

Sa Juan 12:13, "Kumuha sila ng mga palapa ng palmera, at lumabas sila sa lunsod upang siya ay salubungin. Sila ay sumisigaw, 'Purihin ang Diyos. Pinagpala ang dumarating sa pangalan ng Panginoon! Purihin ang Hari ng Israel!'. Sila yung mga tao na nag-welcome sa pagdating ni Jesus, sumisigaw sila ng papuri sa Diyos na nagbigay kaganapan sa

bagong sangkatauhan. Sa aklat ng mga Awit 118:25, umaawit sila ng ganito: “Kami ay iligtas, tubusin mo, Yahweh, kami ay iligtas! At pagtagumpayin sa layuni’t hangad.”

In ancient times, palm branches symbolized goodness and victory. Sa panahon ni Haring Solomon ang buong dingding ng Templo ay mayroong ukit ng punong palma bilang pagpupugay sa Dios (1 Hari 6:29). At sa aklat ng Pahayag 7:9 people from every nation raise palm branches to honor Jesus. “Pagkatapos nito ay nakita ko ang napakaraming tao na di kayang bilangin ninuman! Sila ay mula sa bawat bansa, lahi, bayan, at wika. Nakatayo sila sa harap ng trono at ng Kordero, nakadamit ng puti at may hawak na mga palaspas.”

Sa mga pakikibaka natin sa buhay, napapasigaw tayo sa tuwa, itinataas natin ang ating kamao, iwinawagayway ang ating mga kamay bilang pagpupugay sa mga pagpapala na ipinagkaloob sa atin ng Diyos dahil sa mga tagumpay. Dapat tayong maging mapagpasalamat sa Diyos sapagkat dumarating ang mga pagtatagumpay sa iba’t ibang larangan ng ating buhay (trabaho, pag-aaral, paglalakbay kagalingan at iba pa).

□ Hamon sa ating panahon ng matagumpay na pagpasok sa Jerusalem Ang matagumpay na pagpasok ni Jesus sa Jerusalem ay makikita sa Kaniyang katapatan na tuparin ang ipinapagawa sa kanya ng kanyang Amang nasa langit. Maraming beses na hinihingi sa atin ng Diyos hindi lang ang ating mga pangakong tutuparin kundi mag-alay rin tayo ng ating oras, kakayahan, at buong sarili kahit na sa bingit ng kamatayan, alang-alang sa pag-ibig natin sa Diyos. Italaga natin ang ating buhay sa pagtulong sa kapwa, sa mga inaapi at pinagkakaitan, taglay ang ating pananampalataya sa ating Amang nasa langit.

Noong pumasok sa Malacanang si Presidente Rodrigo Duterte, isa sa kanyang mga pangakong binitiwang ay ang pagkakaroon at pag-iral ng kapayapaan. Muling nag-resume ang “peace talks” sa mga maka-kaliwang grupo (CPP-NPA-NDF), tulad ng sinasabi sa Pahayag 7:9, marami ang natuwa sa maganda niyang hangad at layunin, dumagsa ang maraming tao sa loob at labas ng simbahan, paaralan at lansangan, may mga hawak na kandila, banner, streamer, placard at poster na sumisigaw at nananalangin para sa Just and lasting Peace. Subalit sa kasalukuyan, tila may lambong ang paghahangad na ito, dahil mayroong iilan na ayaw at tutol sa paghahangad na magkaroon ng kapayapaan, pansamantalang



itinigil ang usapang pangkapayaapaan. Subali't tulad ng mga taong may hawak ng palaspas at simisigaw sa lansangan sa pagdating ni Jesus, ito rin ang tamang panahon, ito rin ang hudyat: "to raise palm branches to welcome Jesus as the Prince of peace." Ating ipanalangin si Presidente Duterte at ang negotiating panel ng dalawang grupo (GRP & NDFP) na muling pumasok at makinig sa mga taong sumisigaw sa Jerusalem ng kapayapaan. Huwag tayong makikinig at sasakay sa mga salitang inihahasik ng iilan upang siraan lamang ang mga tunay na nagpapahayag at nagmamalasakit para sa pagkakaroon at pag-iral ng kapayapaan. Mayroong pilit na inilalayo ang usapang pangkapayapaan at ang nais na manaig ay ang dikta ng iilan at mga dayuhan. Panghawakan natin ang Salita ng Diyos. Ating punuin ng mga salita ang bawat dingding ng panawagan para sa kapayapaang nakabatay sa katarungan. Tulad ni Jesus, tapat siya at handa niyang tuparin ang ipinapagawa sa kanya ng kanyang Amang nasa langit. Tayo rin ay maging tapat sa Diyos. Huwag nawa tayong matulad sa mga taong sumisigaw ng hosanna at sa kalaunan ay sumisigaw ng ipako sa krus dahil sa tinakot, nasuhulan at walang paninindigan. Magkaisa tayong pumasok sa Jerusalem kasama ni Jesus upang pairalin ang kapayapaang nakabatay sa katarungan tungo sa bagong sangkatauhan. Amen.

**GABAY LITURHIYA SA HUWEBES SANTO  
PTR. REECE VEN V. BICO**

**ANG PAGHAHANDA SA HULING HAPUNAN NG PANGINOON  
(Lucas 22:7-13)**

**Pagbasa sa Tagpo (Patnugot- Lucas 22:7-13)**

**Awit ng Paghahanda “Si Jesus ang Lahat sa Akin” MASP 36**

**Panalangin (Sabay-Sabay)**

Samahan Mo kami Aming Diyos na magulang sa sandaling ito; sa pagdiriwang at paggunita sa huling mga bahagi bago hatulan ang aming Panginoong Hesu-Kristo. Palakasin Mo ang aming mga puso at isipan sa aming pag-ala-ala upang ang bawat gawaing ito ay maging makabuluhan para sa amin na iyong niloob na maligtas at maging tagapagdala ng Mabuting Balita. Samahan Mo kami. Amen

**ANG PAGHUHUGAS NG PAA NG ISA'T-ISA  
(Juan 13:1-20)**

**Pagbasa sa Tagpo (PRESBITERO- Juan 13:1-20)**

**Tawag sa Pagsisisi (PASTOR)**

Walang matuwid ni isa sa atin sa pagkakataong ito. Nangangailangan tayo ng paglilinis ng Diyos at pagpapakumbaba sa isa't-isa sapagkat ang ating Panginoon ay naparito hindi upang paglingkuran kundi maglingkod at makita ang kaligtasan mula sa halimbawang ito. Halina mga kapatid at tayong lahat ay maging bukas sa biyaya ng kapatawaran at paglilinis mula sa Diyos.

(Ang Paghuhugas ay pangungunahan ng Pastor; una ang mga presbitero at pagkatapos nito ay ang bawat isa)

**Katiyakan ng Kapatawaran (Pastor)**

**+ GLORIA PATRI**

**Pagbabatian ng Kapayapaan**

Patnugot: Ang Panginoon ay sumainyo!

Kapulungan: At sumainyo rin!

Patnugot: Ipahayag natin ang Kapayapaang natamasa natin sa Panginoon!

(Magbabatian ng walang awit)

**ANG KAPAHAYAGAN NG MABUTING BALITA SA HAPAG**

**Lumang Tipan (Exodo 12:1-14)**

**+Tugong Awit: “Ang Salita ng Diyos”**

Ang Salita ng Diyos ay may yaman, waring ginto't perlas na tunay  
Kung sasaliksikin araw-araw may kakamting lugod ang buhay

**+Ebanghelyo (Juan 13:21-38)                      Pastor**

**Mensahe sa Awit**

**Mensahe sa Salita**

**Tawag sa Paghahandog**

Patnugot: Tulad ng babaeng nagbuhos ng pabango, tayo ay tinatawagan na bigyan ng parangal ang Diyos hindi dahil sa kung sino tayo kundi sa kung ano ang ipinagkaloob na tiyak naman na ikinapupuri ng Panginoon sa ating mga buhay. Maghandog tayo sa Panginoon

**DOKSOLOHIYA AT PANALANGIN NG PASASALAMAT**

**ANG PAGDIRIWANG NG BANAL NA HAPUNAN**

**(Lucas 22:14-21)**

**Pagbasa sa Tagpo (Presbitero- Lucas 22:4-21)**

**Awit ng Pagdiriwang "Sa Dulang ng Ama"**

**Ang Paanyaya at Salita ng Institusyon (Pastor)**

**Panalangin para sa Elemento ng Tinapay at Saro (Pastor)**

**Ang Pagtanggap**

**Panalangin ng Pasasalamat**

**SA DAKO NG GETSEMANE**

**(Marcos 14:32-42)**

**Pagbasa sa Tagpo (Marcos 14:32-42)**

**Awit ng Pagbubulay "Kalooban Mo'y Siyang Sundin" MASP 240**

**PANALANGIN NG KATATAGAN (Pastor)**

**TATLONG AMEN**

**SA PAGDIRIWANG NG BANAL NA HAPUNAN  
(HUWEBES SANTO)  
REV. LEONARDO CABICO, JR.**

**PAGBUBULA-BULAY:**

“ Panginoon, wala akong ibang hinihiling sa iyo kundi ilayo mo ako sa karunungan na hindi nag hahanga ng katuwiran, ilayo mo ako sa pananampalataya na hindi naghahanap sa iyo sa aming kalagayan at karanasan, ilayo mo ako sa pag-asa na hiwalay sa hangarin ng iyong pamayanan, at walang hanggang buhay na hindi angkop at hindi tumutugon sa pangangailangan ng mga tao.”

**PAMBUNGAD NA TUGTUGIN  
TAWAG SA PAGBABALIK-LOOB**

**Tapanguna** – Sabi ng Panginoon, “ Sa sandaling ang baying ito na aking pinili ay magpakumbaba, manalangin, hanapin ako at talikdan ang kanilang kasamaan, diringin ko sila. Patatawarin ko sila. At ibabalik ko sa kanilang lupain ang katiwasayan at kasaganaan. (2 Crinica 7:14) Tayo’y dumulog sa harapan ng ating Panginoon... ang lumalang at nagligtas sa atin.

**SAGUTANG PANALANGIN:**

**“Ayon sa Panalanging itinuro ng Panginoon”**

**Tagapanguna** – Buong pagkukumbaba tayong dumulog sa Panginoon at manalangin ayon sa Kanyang itinuro sa atin.

**Kapulungan** – AMA NAMING SUMASALANGIT KA.

**Tagapanguna** – Ilayo mo kami sa mga banta at puwersa ng kamatayan na sumisira sa aming pagkakaisa sa iyo.

**Kapulungan** – SAMBAHIN NAWA ANG PANGALAN MO

**Tagapanguna** – Sa pamamagitan ng katapatan naming na panalangin ang katotohanan sa buong saanlibutan.

**Kapulungan** – IKAW NAWA ANG MAGHARI SA AMIN.

**Tagapanguna** – Sa pakikibaka sa lahat na sumisira ng buhay at pagkilos para sa kapayapaan sa buong daigdig.

**Kapulungan** – SUNDIN NAWA ANG IYONG KALOOBAN.

**Tagapanguna** – Sa pamamagitan ng pagmamahalan at pagtutulungan sa isa’t isa.

**Kapulungan** – BIGYAN MO KAMI NG AMING KAKANIN SA ARAW-ARAW

Tagapanguna – Dahil sa aming pagiging makasarili lumalaki ang sama ng loob na namamagitan sa mga tao At mga bansa.

Kapulungan – PATAWARIN MO KAMI SA AMING MGA KASALANAN.

Tagapanguna – Kami'y nagging sanhi ng pagkawasak ng iyong wangis sa aming kapwa at niyurakan namin ang dangal ng iyong sangnilikha.

Kapulungan – PATATAWARIN NAMIN ANG MGA NAGKASALA SA AMIN.

Tagapanguna – Kapag dumarating sa amin ang pagkakataong yumaman sa ikapaghihirap naman ng aming kapwa.

Kapulungan – HUWAG MO KAMING IHARAP SA MAHIGPIT NA PAGSUBOK

Tagapanguna – Kapag ninanais naming magkaroon ng katiyakan sa makatuwirang paraan.

Kapulungan – ILAYO MO NAWA KAMI SA MASAMA.

Tagapanguna – Sapagkat ikaw ay naghahari sa lahat ng mga lahi at mga bansa, Sinasaklaw ng iyong kapangyarihan at pag-ibig ang lahat; At nasa iyong kalooban ang aming kapayapaan, nasa iyong buhay ang aming buhay.

LAHAT – SAPAGKAT IYO ANG KAHARIAN AT ANG KAPANGYARIHAN AT ANG KAPURIHAN, MAGPAKAILANMAN. AMEN.

**AWIT NG PAGKAKAISA**

**+ PAGBASA SA BANAL NA KASULATAN**

**Lucas 22:14-23**

**PAGBUBULAY SA SALITA NG DIYOS**

**PASTOR**

### **Ang Sakramento ng Banal na Hapunan**

**AWIT NG PAGHAHANDA**

**MASP 96**

**PAANYAYA**

**Pastor** - Sa mga unang Kristiyano, ang Banal na Hapunan ay hindi lamang paraan upang alalahanin nila ang buhay at kamatayan ni Jesus, kundi ito'y isang tanda ng kanilang pagkakaisa sa Panginoon. Kung kaya't ipagdiwang natin ang Banal na Hapunang ito bilang isang tanda n gating pagkakaisa kay Kristo sa pakikibaka ng sambayanan upang mapalaya mula sa lahat ng kapangyarihang umaalipin sa kanila.

**MGA SALITA NG PAGTATALAGA:**

**Pastor** – Alalahanin natin ang mga salita ng Panginoong Jesus noong gabi na kanilang ipinagdiwang ang Hapunang Pampaskuwa kasama ang kanyang mga aslagad. Dumampot siya ng tinapay , at pagkatapos na

siya'y magpasalamat pinagpira-piraso ito at ibinigay sa mga alagad , sinasabing, "Ito ang katawan na ibinigay para sa inyo. Gawin ninyo ito bilang pag-aalala sa akin." Gayon din naman, dinampot niya ang sarong at ibinigay sa kanila at sinabing, "Ang sarong ito ang bagong tipan ng aking dugo na mabubuhos sa dahil sa inyo." Ating tanggapin ang mga sangkap na ito bilang pagpapahayag n gating pagkakaisa sa Panginoon.

### **PANALANGING PAGTATALAGA**

Panginoon, sa aming pagtanggap ng Banal na Hapunan bigyan mo nawa kami ng kapangyarihang ipahayag ang aming pagkakaisa sa iyo sa aming pagkikibaka laban sa mga puwersa ng kamatayan upang maranasan naming ang buhay at ang kaganapan nito. Amen.

### **PAGTANGGAP NG TINAPAY AT NG SARO**

#### **PANALANGING PASASALAMAT (Lahat)**

Salamat, Panginoon, sa iyong kalakasang nararanasan sa pagtanggap ng Banal na Hapunan. Tulungan mo nawa kaming ipamuhay ang kapangyarihan ditto sa araw-araw. Sa Pangalan ni Jesus. Amen.

**GABAY LITURHIYA PARA SA BIYERNES SANTO  
(GOOD FRIDAY)  
PTR. EMELITA D. LINGA**

**PANIMULANG PAGNINILAY:**

“PAGPALAIN tayong lahat sa Pangalan ng ating Panginoong Diyos! Iniligtas Niya tayo mula sa kasalanan at kamatayan... Para sa atin at sa buong sangnilikha, si Kristo ay naging matapat hanggang kamatayan... Pasalamat natin ang kadakilaan ng Kanyang pag-ibig...”. (Pagdiriwang ng Buhay)

**+ IMNO NG PAGPUPURI**

**“OH! DIOS NG AMING MGA MAGULANG” MASP # 16**

Oh! Dios ng aming mga magulang  
akayin Mo kami't patnubayan  
Ng Iyong ilaw ng kabanalan  
buhat sa Iyong kalwalhatian.

Ang pag-ibig na aming tinanggap  
sa aming bayan ay ilaganap;  
Pag-iingat sa ami'y igawad  
nang masunod dakila Mong utos.

Ipag-adya kami sa panganib  
lukuban Mo ng Iyong tangkilik;  
Palakasin Mo ang pananalig  
sa kapayapaan ay ihatid.

Buhay ng aming bansa'y puspusin  
ng liwanag ng Iyong luningning;  
Buong puso naming mamahalin  
ang Ngalan Mo'y aming pupurihin.

**+ PANIMULANG PANALANGIN**

**Patnugot**

**+ ANYAYA SA PAGDIRIWANG**

**Patnugot:** Sinabi ni Yahweh, “Ang lingkod ay magtatagumpay sa kaniyang gawain, mababantog siya at dadakilain.

**Kapulungan:** Dahil dito, Siya ay aking pararangalan, kasama ng mga dakila.

**Lahat:** Pagkat kusang loob Niyang ibinigay ang sarili, at nilaganap ang kaparusahan ng masasama. Inako Niya ang mga makasalanan, at idinadalanging sila'y patawarin.

**+ UNANG PAGBASA NG SALITA**

**LUCAS 23:34a**

**MENSAHE**

**TUGONG IMNO**

**“ANG MAGLINGKOD KAY CRISTO’Y KAALIWAN” MASP # 267**

Ang maglingkod kay Cristo’y kaaliwan,  
May kagalakang lubhang dalisay  
Langit ang gampanan ang katungkulan,  
May biyaya araw-araw.

Koro:

Paki-nabang ang maglingkod kay Jesus  
hakbang mo’y itataguyod  
Kung ang daang tungong langit ay malungkot,  
May katwaan na idudulo’t.

May pakinabang ang laging maglingkod,  
Lalo’t tapat ka sa bawat kilos  
Yaman ang pananatili kay Jesus  
at pakinabang na lubos.

Kung may araw na ang daa’y mapanglaw,  
Ang kalungkuta’y sumusubaybay  
Manunubos ay handa kang bayaran,  
Maglingkod ay pakinabang.

**+ IKALAWANG PAGBASA**

**LUCAS 23:43**

**MENSAHE**

**+ IKATLONG PAGBASA**

**JUAN 19:26-27**

**MENSAHE**

**ANG PAGTAWAG NG PAGSISISI**

**Patnugot:** Mga kapatid sa pag-alaala natin sa pagkabuhay ni Jesus sa Krus ay atin din naman suriin ang ating mga sarili sa harapan ng Diyos. Ilantad natin ang ating pagkakasala laban sa Diyos at sa ating kapwa. Lumapit tayo sa Diyos na nagsisisi...

**SANDALI NG KATAHIMIKAN [Paghingi ng kapatawaran sa Diyos...]**



**+ IKAAPAT NA PAGBASA**

**MARCOS 15:34**

**MENSAHE**

**ANG PANALANGIN NG PAGSISISI**

**Lahat:** O Diyos ng kaawaan, buong kapakumbabaan lumalapit kami sa Iyo taglay ang aming pagsisisi. Tulungan Mo po kami na maunawaan ang tunay na kahulugan ng Iyong kamatayan sa Krus. Patawarin Mo po kami sa di namin pag-intindi sa hamon ng Iyong mga huling salita sa Krus. Sa aming pagsamba ngayon nawa'y tamuhin namin ang Iyong awa at kahabagan. Amen.

**ANG KATIYAKAN NG KAPATAWARAN NG DIYOS**

**Pastor**

**+ IKA-LIMANG PAGBASA**

**JUAN 19:28**

**MENSAHE**

**+ IKA-ANIM NA PAGBASA**

**JUAN 19:30**

**MENSAHE**

**ANYAYA SA PAGKAKALOOB**

**Patnugot:** Maghandog tayo ngayon ng ating kaloob bilang tugon natin sa kaloob Niyang si Jesus na nagbibigay ng buhay para sa ating kasalanan. Tayo po'y magsipaghandog.

**PAGLILIKOM NG MGA KALOOB**

**+ DOKSOLOHIYA**

**+ PANALANGIN SA KALOOB**

**+ IKA-PITONG PAGBASA**

**LUCAS 23:46**

**MENSAHE**

**+ KAPAHAYAGAN NG PANANAMPALATAYA [Sabay-sabay...]**

Sumasampalataya kami na ang tao ay nilikha sa wangis ng Diyos, makasalanan, subalit itinalaga na mamuhay sa pamayanan kasama ng Diyos, at ng kanilang kapwa. Pinagkatiwalaan ng sangnilikha ng Diyos, at tinawag upang makibahagi sa pagtatatag ng isang makahulugan, at makatarungang kaayusang panlipunan. Amen.

**+ IMNO NG PAGHAYO**

**AKO'Y NANGAKO HESUS MASP# 238**

Ako'y nangako Jesus, laging maglilingkod,  
masdan ang aking kilos aking Mananakop:

Ako'y di matatakot; Sa pakikihamok,  
walang sindak ang loob kung kita'y patnugot.

Nais kong kapiling Ka, sa tuwi-tuwina,  
tukso'y nanghahalina naririnig ko pa;  
Kaaway ko'y lagi na ako'y binabaka,  
Jesus ko'y lumapit ka, agawin sa sala.

Tulutang pakinggan ko ang pangungusap Mo  
malagpasan ang taksong hilig na pangmundo.  
Sabihin ang totoong sa pusong silakbo,  
ay makinig sa lyong gabay ng diwa ko.

Pangako Mong matibay kung susundan Kang tunay  
sa langit mong tahanan, pala ay kakamtan;  
Panata kong dalisay Ikaw'y paglingkuran  
habag Mo ako'y bigyan upang Ikaw'y sundan.

**+ PANALANGIN NG PAGTATALAGA / BASBAS**  
**+ TUGON NG KAPULUNGAN : TATLONG AMEN...**

## **GABAY MENSAHE SA HULING PITONG WIKA**

**Unang Wika: “Ama, Patawarin Mo sila sapagkat hindi nila nalalaman ang kanilang ginagawa” (Lucas 23:34a)**

**Rev. Gailry R. Aguilan-Tadosa**

Isang napakadakilang kapahayagan ng pag-ibig sa ating kapwa ay ang pagpapatawad. Ito ang ipinahayag sa panalangin ni Jesus habang siya ay nakabayubay sa krus. “Ama, patawarin mo sila, sapagkat hindi nila nalalaman ang kanilang ginagawa” (Lucas 23:34a). Ipinakikita dito ang kaganapan ng kanyang turo o katuruan na pagmamahal sa kaaway. At ito'y higit pa sa kanyang pagmamahal sa sangkatauhan.

Mula sa mga salitang ito na sinambit ni Jesus, Mayroon mahahalagang aral ang ating matututunan rito.

Una – Ito ay panalangin ng pagkilala sa Diyos na Manlilikha. Tunawag si Jesus sa Ama. At dito niya isinamo ang paghingi ng kapatawaran sa mga taong sumigaw na Siya’y ipako sa krus, sumuhol, tumanggap ng suhol, humusga, nanlait, nagpahirap, nanakit, bulaan, naghahangad ng labis na kapangyarihan. Ipinakita rito ni Jesus sa kanyang pagtawag ang magandang at malalim na relasyon na mayroon Siya sa Kaniyang Ama. Isang magandang katangian ng isang anak, ang patuloy na pakikipag-ugnayan sa ama. Ganito rin ang nais na makita sa atin bilang mga anak ng Diyos, ang patuloy nating pakikipag-ugnayan sa Diyos. Hindi dapat tumitigil, kailangan nagpapatuloy tayo sa pagtawag sa Kanya. Ito ang kailangan natin upang ang Diyos na ating Magulang ay patuloy na umalalay sa buhay natin sapagkat hindi natin mapapagtagumpayan ang mga hamon ng buhay kapag nagsarili tayo at walang patnubay nagmumula sa Diyos.

Ikalawa – Ito ay panalangin ng pagpapatawad. Ipinakikita dito ang kaganapan ng kanyang turo o katuruan na pagmamahal sa kaaway. At ito'y higit pa sa kanyang pagmamahal sa sangkatauhan. Ipinakita ni Jesus ang kahalagahan ng pagpapatawad. Gayunpaman, ang katuruan tungkol sa pagpapatawad ay naging malaking hamon para sa ating mga Kristiano.

Naririnig ko ang ganitong kataga sa mga taong labis na nasaktan, “hindi-hindi ko siya mapapatawad,” Samantalang nagturo pa si Jesus tungkol sa pagpapatawad at sinabi pa niya kay Pedro, “Hindi ko sinasabing pitong beses, kundi pitumpung ulit na pito.”(Mat.18:22) Kaya napakahalaga ang magpatawad kasi habang tinatago natin ang poot sa ating dibdib mas lalo lang tayo mahihirapan at masasaktan. Ang pagpapatawad ay nagdudulot ng paghilom sa mga sugat na tinamo mula sa masaskit na karanasan.

Ikatlo – Panalangin ng malasakit para sa iba. Ipinahayag dito ang wagas na pagmamahal ng Diyos sa sankatauhan. Sa kabila ng kaniyang naranasan sa kamay ng mga Judio, saserdote, kay Pilato naroon pa rin ang kaniyang pagmamahal na hindi nagmamaliw. Inunawa niya ang kahinaan at limitasyon ng tao. Kaya, siya ay nanalangin, “Ama, patawarin mo sila, sapagkat hindi nila nalalaman ang kanilang ginagawa.” (Lucas 23:34a) Sino ang makakahigit sa ganitong uri ng pag-ibig. Kaya napakapalad natin upang maranasan natin ang pagpapatawad sa ating mga kasalanan. Kaya mga kapatid, dahil pinatawad tayo ng Diyos, tapat magpatawad rin tayo sa ating kapwa.

Gabay na tanong para gamitin sa mensahe:

1. Ano ang kahalagahan ng pagpapatawad?
2. Ano ang naibubunga ng pagpapatawad sa buhay ng tao?

**Ikalawang Wika: “ Katotohanang sinasabi ko sa iyo , Nagyaon ay kakasamahin kita sa Paraiso” Lukas 23:43**

**Rev. Ireneo Manalo**

Sa pangayayari ito, makikita natin ang dalawang uri ng personalidad at pagkatao. Ang isa ay nanaunuya o nagaasar at nagmamalaki pa sa harapan ni Jesus , at isa naman ay nagpapakumbaba at umaasa matapos ang kamatayan ay may patutunguhan siya sa pananalig niya sa Diyos, kaya't nakita natin ang pagpapakumba ay nagdudulot ng kapanatagan at kagaanang ng mga pasanin sa buhay. Kaya't ng humilig kay Jesus ang isang salarin na siya alalahanin, nagkaroon ng katiyakan ang sagot ni Jesus sa kanya “Ngayon di'y isasama kita sa Paraiso.” Ang paraiso ay iisang karanasan ng katotohanan na ang Diyos ang naghahari sa buhay ng isang tao. Nararanasan niya ang magpatawad na nagdudulot ng kapayaan sa buhay na mayroon Pag-ibig at patuloy na nararasan ang pag-ibig ng Diyos sa kanyang buhay,

Nais ng Diyos na ang bawat isa atin ay magkaroon ng pusong handang tangapin ang ating mga kamalian at malayang sumunod sa kagustuhan ng Diyos. Kagaya ng pangako ng Diyos mula sa Roma 10: 9, “Sapagkat kung ipapahayag mo sa iyong bibig na si Jesus ay Panginoon , at sasamapatya ka sa iyong puso na binuhay siya mag-uli ng Dios sa mga patay ay maligtas ka.” Alam ng isang salarin na si Jesus ay ang Kristo at nagliligtas kaya 't may kapanatagan ang kanyang kaloob sa kanyang sinapit sa Krus. Ngunit siya ay nakiusap kay Jesus na kung dumating ang kanyang paghahari, siya ay alalahanin kaya ang sinumang lumalapit kay Jesus ay pinakakalooban niya ng katiyakan. Isang buhay na walang haggan. Ang ikalawang wika ay nangangahulugan na doon ay walang hirap o hapdi o gutom. Ang paraiso ay ang Kanyang Kaharian at buhay na walang hanggan. Gusto ba natin makapunta sa paraiso at sa kaharian ni Jesus? ang pag-amin sa kasalanan at pagsisi at talikuran at maging isang bagong sang nilikha tunga sa isang mapaya pang buhay na ganap kasiya-siya ito ang nais ni Jesus na bawat isa sa atin bilang mga mananapataya ay isang pusong tapat. Amen.

## Ikatlong Wika

### "Babae, narito ang iyong anak... Narito ang iyong ina!" Juan 19:25-27

Isa sa mga tema ng Ebanghelyo ni Juan ay tungkol sa pag-ibig ng Diyos. Ito ay mas pansin natin sa Juan 3:16. Ito ay nagsasaad lamang na ang kabuoang pagkilos ng Diyos ay nakikita sa gawa ng pag-ibig. Bilang isang anak, ang ating Panginoong Hesus ay hindi mapagkakaila ang Kanyang pagmamahal sa Kanyang ina. Ang ganitong pagkakataon ay malapit sa ating kulturang napagpapahalaga sa ating mga magulang, lalo na sa ating mga ina. Ang ikatlong wika ng ating Panginoon ay nagpapaalala sa atin ng ating pagpapahalaga sa mga taong nasa laylayan o walang wala. Ating tingnan na sa tradisyon ng pananampalatayang Kristyano, ipinagpalagay na si Jose ay maagang namatay sa kanilang pagsasama ni Maria, kaya naman sa mga pagkakataong makikita natin si Maria sa kuwento ni Juan at ni Mateo, siya ay nag-iisa o minsan naman ang mga anak lamang niya ang kasama nito (Mateo 12:48, Juan 2:1-12). Sa pagkakataong ang kanyang anak ay mamamatay sa krus, siya ay maiiwan na lamang (tandaan natin na si Hesus ay pinapaniwalaan na walang sariling pamilya kung kaya't maaring sa Kanya nakahabilin si Maria) at ang paghahabilin na ito ay may malaking pakahulugan sa kultura ng pagiging balo ni Maria, ibig sabihin wala na siyang aasahan sa buhay kung kaya naman ang pagkakaroon ng paghahabilinan ay kasiguraduhan na ang isang tao ay hindi magdarahop o dadanas ng kahirapan ng mag-isa. Sinasabi lamang sa atin ng Panginoong Hesu-Kristo na tayo ay may pananagutan sa ating kapwa. Hindi natin dapat kalimutan ang ating kapwa lalo na ang mga balo at dukha sa ating lipunan. Si Maria sa pagkakataong yaon ay naging simbolo ng mga balo o mga dukha na kung saan, makikita natin na kahit sa huling hininga ng ating Panginoon, hindi niya ito kayang pabaya. Ang pagtatagubilin ay hindi lamang sa kanyang alagad na naroroon kundi tagubilin para sa lahat sa atin na kalingain ang mga nangangailangan. Amen

**Ikaapat na Wika Diyos Ko, Diyos Ko, Bakit Mo Ako Pinabayaan**

**Mateo 27: 45-46**

**PTR. EULINDA C. VELASCO-ROMERO**

Eli,Eli, Lema Sabachthani? Ibig sabihi'y, “Diyos Ko, Diyos Ko, Bakit Mo Ako Pinabayaan? .... Tayo po ay manalangin...

Nang mag-iikatlo ng hapon, sumigaw si Jesus, Eli, Eli, Lema Sabachthani? Ibig sabihi'y, “Diyos Ko, Diyos Ko, Bakit po ako pinabayaan? Ito po ang ika-apat na winika ni Jesus mula sa kaniyang pagkabayubay duon sa krus.

Ipinakikita po sa atin nuong unang tatlong wika ng ating Panginoon ng pagsamo para sa kaniyang kapwa tao. Mga salita ng pananalangin, pagtatagubilin at pagtanggap. Na ang laman ng kaniyang puso at isipan sa kabila ng hirap at dusa na nararanasan ay tunay na ang kapakanan at kabutihan pa rin ng tao ang inuusal na panalangin. .

Ngunit dumating ang oras na unti –unti na niyang nadarama ang panghihina ng kaniyang lupang katawan. Hindi lamang pisikal kundi gayun din ang emosyonal at spiritual na normal lamang na madama at maranasan ng isang tao. Nang mga sandaling yaon ay maramdaman niya ang lahat ng sakit at hapdi ng mga sugat na kaniyang natamo mula sa mga hampas at hagupit ng mga kawal. Hindi lamang ang sakit na dulot ng kaniyang mga sugat ang daladala niya ngunit higit sa lahat ay ang sakit ng kalooban na dulot ng mga tao na minsan ay sumisigaw na Hosanna... Hosanna... Purihin ang Panginoon..... ngunit sa paglipas ng ilang araw ay ang mga tao ring yaon ang sumisigaw na ipako sa krus, ikapo sa krus....

Tunay na nakalulunus ang yugtong yaon ng ating Panginoon. Nadarama niya ang sakit, hindi lamang ng hinagpis ng kalungkutan dahil sa ginawa nilang pagpapako sa krus, gayun din ang unti-unting panghihina ng kaniyang lupang katawan. Sukdulan na ang hapdi at kirot nito kaya't sa nanlulupaypay niyang kalalagayan ay nagsusumigaw sa kaniyang imbing tinig.... Diyos ko, Diyos ko, Bakit mo ako pinabayaan?

Mga magulang at kapatid, damhin po natin ang sakit, kirot at hapdi na nadarama ng ating Panginoon ng mga sadaling yaon, kaya po ba nating batahin at pagtiisan ang lahat ng yaon? At darating din po ba tayo sa oras na sisigaw din po tayo ng Diyos ko, Diyos ko, bakit mo ako pinabayaan?

Tunay nga bang pinabayaan ng Diyos Ama ang ating Panginoon Jesukristo? Nakadama siya ng pangungulila o pag-iisa sa mundo. At maging tayo man sa ating buhay, sa ating sariling mga karanasan sa buhay ... nagkaroon po ba tayo ng sandali na itanong sa ating Diyos Ama ... bakit mo ako pinabayaan? Mga sandali sa ating buhay na tila ang pakiramdam natin ay nag-iisa na tayo, na iniwan at pinabayaan na tayo ng Diyos?

Sino nga ba sa ating panahon sa ngayon ang maaaring magwika ng panaghoy na ito?

Maaari bang sila ang mga batang sa kanilang kamusmusan ay walang kalaban –laban na hinalay.... Makasisigaw din ba sila ng Diyos ko, Diyos ko, bakit mo ako pinabayaan? O sila ang mga tao na nasalanta ng bagyo at lindol na halos wala ng natira sa kanilang kabuhayan na kung minsa ay pati buhay ay nawala na rin.... Na nagsusumigaw Diyos ko, Diyos ko bakit mo kami pinabayaan? O sila ang mga biktima ng EJK (extra judicial killings) na marami ang mga walang malay ay nadadamay, na nag mamakaawa ang mga pamilya ng katarungan, at nagsasabing Diyos ko, Diyos ko, bakit mo po kami pinabayaan?

At marami pang iba't ibang karanasan, tulad din sa akin sariling karanasan ay dumating din ang panahon na tila ako ay susuko na nasambit ko din po na... Diyos ko, Diyos ko, bakit mo po ako pinabayaan?

Hayaan po ninyong ikuwento ko ang aking naging karanasan sa aking pagkakasakit. May nakakaalam at maaaring hindi nakakaalam ng aking karamdaman may ilang taon na rin ang nakakaraan. Ako po ay na diagnose na may Parkinson, isang uri ng sakit na nanghihina ang isang maliit na parte sa utak ng tao, na siyang magiging dahilan ng unti –unti nitong panghihina ng buong katawan. Na ayon sa mga doctor ay wala pang tuwirang lunas ito. Na ang gamot na maaaring gamitin ay magpapabagal lamang sa unti- unting paghihina ng katawan.



Ang sakit ay itinuturing po nating isang pagsubok. Isang pagsubok na dapat nating paglabanan at pagtagumpayan. Nang mabatid ko po na ako ay may ganitong uri ng karamdaman, ako po ay tunay na pinang hinaan na ng loob, nawalan na ng pag-asa, na para bang titigil na ang lahat sa buhay ko ng unti-unti...

Na tunay po na nadama ko ang panghihina ng aking lupang katawan, dumating po ang panahon na halos di na po ako makalakad, na sa aking maliliit na hakbang ay pilit ko pa itong hinihila upang makalakad, na iutos ko pa na lumakad ka, gayun din na hawak ko ang aking kamay sa tuwina upang pigilan ang pangangatal at pagninigas nito, na hindi na rin ako makasulat, gayandin na hindi na po ako halos makatayo ng matagal, na sa akin pong pagtayo ng matagal ay kailangan ko pong magmartsa upang mabigyang lakas ang aking mga binti, na hanggang tunay na hindi ko na kayang tumayo ng maayos at lumakad ng maayos na parang wala na akong lakas, na naninigas na ang kalahati kong katawan.... Na sa aking pananalangin sa ating Panginoon ay nagsusumigaw ako sa aking imbing tinig habang tumutulo ang aking luha ...Diyos ko, Diyo ko, bakit mo po ako pinabayaan?

Dumating po sa akin ang sandali ng kawalang pag-asa sa buhay. Na tila titigil na nga yata sa pagtakbo ang aking buhay.... Ngunit tunay na kay buti ng Diyo, isang araw ay ginising niya ako sa kagandahan ng buhay na kaloob niya. Nuong isang taon, sa unang araw ng bagong taon 2016 ay ipinabasa niya sa akin ang Juan 15:7 ..” Kung nananatili kayo sa akin at nananatili sa inyo ang mga salita ko, hingin ninyo ang anumang maibigan ninyo at ipagkakaloob sa inyo.”

Mula sa mensaheng ito ng ating Panginoon, ako ay muling lumaban, napuspos ng pag-asa mula sa salita at pangako ng ating Panginoon ay makakamtan ko ang kagalingan at kaligtasan na tanging sa kaniya lamang kapangyarihan makapangyayari. Tunay na ang awa at habag ng ating Panginoon ay aking naramdaman sa aking araw - araw na pakikipamuhay. Ang pagkilos ng Banal na Espiritu ay tunay kong maranasan sa bawat pakikipaglaban ko sa aking karamdaman. Ang bawat salita ng Diyo na inihahayag niya sa akin sa araw-araw ay tila gamot na

nagbibigay kagalingan. Lalu't higit ang madama ang kaniyang pagkalinga at wagas na pagmamahal ng unti –unting nanunumbalik ang aking lakas. Maaaring hindi pa lubos ang aking kagalingan ngunit hindi po ako natigil sa aking sa aking pagdulog at pagsamo sa ating Diyos, ang ating Diyos na makapangyarihan sa lahat na tunay na nagmamahal sa atin. Sa aking walang humpay na pananalangin, kasama ang maraming naghahandog ng panalangin para sa akin, alam ko po na patuloy na kalakasan sa aking lupang katawan ang kaniyang ibibigay at patuloy na kagalingan ang handog niya sa akin. Lubos ang aking pagsasalamat at pagpupuri sa ating Panginoon .... Diyos ko, Diyos ko, HINDI mo ako pinabayaan.

Mga magulang at kapatid, ang bawat isa po sa atin ay may kanikaniyang dalahin o pasan pasan na krus. Maaring magaan at gayun din maaaring mabigat na tila pasan natin ang daigdig. . Ngunit huwag po nating kalilimutan ang krus na pinasan ng ating Panginoon Jesukristo ay walang kapantay. .... na nagsumigaw siya ng Diyos ko, Diyos ko, bakit mo ako pinabayaan....

Balikan po natin ang ating mga karanasan sa buhay, pinabayaan nga ba tayo ng Diyos? Magtiwala po tayo na tunay mahal tayo ng Diyos dahil ito ang nasasaad sa Banal na Kasulatan. Anumang uri ng dalahin meron tayo ngayon sa ating buhay, itaas natin sa ating Panginoon, isamo natin sa kaniya ng buong katapatan, tulad ng pagtatapat ni Jesus sa ating Diyos Ama kung kaya't napagtagumpayan niya ang kaniyang kamatayan duon sa krus. Ipinagkatiwala ni Jesus ang kaniyang buhay sa ating Diyos, isinuko ang lahat sa ating Diyos Ama, nagpakababa sa harapan ng ating Diyos Ama, nanikluhod sa pagdulog sa ating Diyos.

Huwag po tayong mag-alinlangan sa kapangyarihan ng Diyos, hayaan nating likhaan tayo ng Diyos ng isang pusong lubos na mananalig sa kaniya at pasasakop sa kaniya upang makamtan natin ang wagas na pagmamahal ng Diyos sa atin. Na kaylan man hindi tayo pinabayaan ng Diyos na kaya nating pagtagumpayan ang buhay ayon sa kahabagan at kagandahang loob ng Diyos. na kaylanman.... Diyos ko, Diyos ko,HINDI mo ako pinabayaan... Sa Pangalan ng Ama, Anak, Espiritu Santo Amen.

**Ikalimang Wika “Nauuhaw Ako” Juan 19:28**  
**Ptr. Jessie A. Abinales**

Ang salitang “Nauuhaw” na nabanggit ni Jesus sa Banal na Kasulatan ay nangangahulugan ng Kanyang kabatiran na ang lahat ng bagay ay nagananp na subalit, kakaunti ang tumalima o umunawa. Marahil kaya niya ito nasambit ay dahil sa talagang kulang na kulang parin ang kamalayan ng tao dahil sa kanilang pagsasawalang bahala at pagpapabaya sa kanyang ipinangaral. Pagsasawalang bahala na’ nakikita sa kanilang likong pamumuhay tulad ng pang-aapi, pagpapahirap at pag-samba sa diyos diyosan. Wari ba’y nagpapahayag ang pagsambit ni Hesus ng “Nauuhaw ako” ng kanyang pananabik sa mga tao dahil sa hindi mawaksan- wakasan ang kanilang lantarang pagtalikod sa Banal na kalooban ng Diyos.

Sa ating Pangkaraniwang pagkaunawa binibigyang kahulugan natin ang salitang “Nauuhaw” kung tayo ay nanghihina, napapagod mula sa matinding Gawain at mula sa matinding init ng panahon. Ang tubig ang siyang nagsisilbing tagapawi ng pagod. Ang tubig na siyang pumapawi ng ating pagka uhaw ay siyang nagbibigay ng lakas sa atin at siyempre ng buhay. Naibabalik nito kahit papaano ang sigla at lakas ng ating pangangatawan.

Pansinin, ang pagka uhaw ni Jesus, ay may lakip na malalim na kahulugan, sa kanyang pagsusumamo’ mauunawaan at mararamdaman natin ang kahulugan ng kanyang pananabik. Nauuhaw ako, ito’y pangungusap katumbas na marubdob na panambitan, nakakadudurog ng puso sa makakarinig at makakaunawa nito. Ano ang kahulugan ng naganap na ang lahat ng bagay? Ito ba ay kapahayagan na ang Diyos matapos na akayin tayo sa landas ng katuwiran sa pamamagitan ni Jesus ay kulang na kulang parin ang ating pagtugon. Hindi sapat dahil mas ang inu- una nating panuin ng tubig ay an gating mga sariling katawan at hindi natin talos o ganap na inuuna ang interes ng mas nakararami. Sinanay natin ng matagal na panahon na manatili na lamang sa ating mga kampakanteng pamumuhay kesa lumahok sa pinagdaraanang kahirapan ng mga tao, gaya ng naranasan ng ating Panginoong JesuKristo.

Nangangahulugan ban a ang pagka uhaw ni Jesus ay dahil hindi siya nasisiyahan sa ating mga ginawa.

Nauuhaw ang Diyos dahil ipinagdamot, natin ang ating mga sarili na disin sana ay magsisilbing tubig na nagbibigay buhay para sa marami. Puro sarili lamang natin ang ating iniisip at pinipiling paglingkuran. Naging maramot, suwail at hindi nagging katanggap- tanggap ang ating pamamaraan sa mundo na kung saan marami ang dapat pawiin ang uhaw dahil sa matinding pagtitiis, pagkakanya- kanya, kahirapan, kawalan, pagdurusa at paghihirap.

Marahil ang sinasabi ni Jesus ay isang tanda at silbing paala-ala, uportunidad sa mga taong nasa likong pamumuhay at pagkaunawa, uhaw sa banal na salita kahit pa naroon ang buo niyang tiyagang pagtuturo at paghihikayat ng ating Panginoong JesuKristo. Nauuhaw ang Panginoon, simbolo at panaghoy na maaring mawalan ng saysay at kabanalan ang ating pagpupunyagi at paghihirap kung hindi ito tumatalos sa kaunawaan nating mga tao sa ating panahon. Paalala na huwag nating sayangin ang upurtunidad na tumulong sa mga taong walang ibang inaasahan at pag-asa kundi ang Diyos mga taong uhaw sa atensiyon at awa, malasakit na may pagkilos.

Ang Iglesya natin mismo ay tulad din ng ating Panginoong JesuKristo, nauuhaw, nanghihina at tila baga nasa gitna ng naghihingalong kalagayan dahil sa atin din mismong kapabayaanan. Kung kaya kailangan nating seryusohin ang pagiging kaanib at makibahagi sa pagpapalakas sa Gawain at misyon ng Iglesya upang hindi ito tuluyang manghina. Huwag masanay at sanayin na kung ano lamang ang nariyan ay pagkakasyahin na lamang sa halip ay sinusuri at nag iisip kung ano pa ang mas mai- aambag at magagawa sa pag unlad at pagpapatuloy ng Iglesya.

Maging bukas na tingnan at tasahin ang paligid, Ang ating pamayanang ginagalawan, tanungin ang sarili kung ang mga ginagawa ba natin ay nagiging katanggap- tanggap sa Panginoon. Sa imahe mayroon anng ating paligid o bansa, laganap parin ang kawalang katarungan, walang ganap na kapayapaan, lumalaking patuloy ang bilang ng mga mahihirap makinang parin ang malaking agwat ng mayaman sa mahihirap,

patuloy ang gulo sa iba't- ibang daku, patuloy din ang pagwasak sa ating kalikasan, at pagkakawatak- watak ng ating hanay dulot ng mapanghating sestima at pamamalakad.

Natanong ba nating ito kaya ay gusto o kalooban ng Diyos? O bunga ng pagiging ganid, sakim, galit, at inggit natin. Nauuhaw ang Diyos dahil sa ating pagwawalang bahala. Nawawaglit sa ating isipan na tayo ay mga kawangis ng tubig na disin sana ay nakapagbibigay ng buhay para sa marami. Hindi ba natin kayang kalimutan muna ang ating mga sariling interes para bigyang puwang ang interes ng mas nakakarami? Gusto ba nating maayos ang mundo lalong- lalo na ang ating mga maling kaisipan? Gaya ng katangian ng tubig, malusaw nawang ganap tayo para sa kapakinabangan ng tigang na mundo, lusawin natin ang tila batong nananahan ng matagal na panahon sa ating pagkatao. Panahon ng suriin ang naabot na kapabayaan natin. Maging tubig nawa tayong sasapat sa kauhawang “Espirituwal” ng maraming tao. Amen.

**Ikaanim na Wika: “Naganap na”**  
**M.S. Anna Krizelle A. Tadosa**

**Panimula:**

Para sa iyo ano ang ibig sabihin ng “Nangyari na”, “Tapos na”, “Sa wakas”?

Ang mga ganitong kataga mula sa karanasan at buhay ng tao ay may iba’t ibang pakahulugan. Maaaring mga sitwasyon na hindi na maaaring balikan at ulitin, mga naabot na mithiin sa buhay, “huli na ang lahat” at marami pang iba.

**Nilalaman:**

Isa sa pinakamahalagang maikling katagang sinambit ni Jesus bago s’ya nalagutan ng hininga sa pagkakapako sa krus ay, “Naganap na!”. Katagang hindi pangkaraniwang ginagamit, at kay Jesus lamang narinig. Balikan natin ang sitwasyon kung saan ay binanggit ni Jesus ang ganitong kapahayagan mula sa Ebanghelyo ni Juan 19:30

‘Nang masipsip ni Hesus ang alak ay kanyang sinabi, “Naganap na!” Iniyukyok niya ang kanyang ulo at nalagot ang kanyang hininga.’

Sa simula pa man nung tinanggap N’yang magkatawang tao ay nalalaman na niya ang magiging kaganapan na kanyang mararanasan mula sa pagkakatawang-tao hanggang kamatayan. Pagpapakasakit, hirap, hapdi ang idinulot ng mundo sa kanya bago s’ya mamatay.

Anu-ano ang kahalagahan ng kapahayagan ni Jesus sa katagang “Naganap na”?

Una- Pagmamahal, ipinamalas ni Jesus ang mga sumusunod:

Ganap na naisagawa ni Jesus ang mga dapat maituro at maipamalas sa atin sa pamamagitan ng kanyang misyon ditto sa lupa.

Ganap ng naialay ni Jesus ang kanyang buhay sa atin, na kasama sa kanyang pagdadaan ang mahirap na tahakin upang maibangon ang mga tao mula sa mapanikil at mapang-alipin na sala.

Pangalawa- Daluyan

Sa minutawi ni Jesus na “Naganap na”,

Ganap na napanumbalik ni Jesus ang ugnayan ng sangkatauhan sa Manlilikha, sa tunay na Akda ng Buhay.

Ganap na muling nabuhay ang koneksyon ng tao sa Diyos sa pamamagitan ni Jesus na kung saan ang kasalanang nagsimula noong una ay napawi na ni Jesus.

Pangatlo- Tagumpay at Pag-asa  
(ating pagbulayin sa pamamagitan ng tula)

Isang malakas na sigaw

Isang sigaw ng tagumpay

Ang narinig sa Golgota,

“Naganap na!”

Ang pinaka-ubod o puso

Ng tunay na mabuting balita.

Nangyari na ang kaganapan, talagang ganap na kaligtasan.

Napagtagumpayan na N’ya, misyong itinalaga sa Kanya

Walang mintis at walang iniwang ‘di tapos

Naisakatuparan ang lahat ng propesiya mula Genesis hanggang Malakias.

Hamon:

Ikaw bilang kaanib ng Iglesya, kabahagi ng sangnilikha at katiwala ng misyon ni Kristo,

a. Paano mo maipapakita sa iyong buhay ang totoong kaganapan ng salitang iniwan ni Jesus na “naganap na”?

b. Paano ka nahamon sa katagang ito?

c. Anu-ano ang iyong gagawin?

d. Paano mo babaunin sa iyong buhay ang pagmamahal, pagiging daluyan ng pagkakaisa, tagumpay at pag-asa?

**Ikapitong Wika“Ama, sa mga kamay mo'y ipinagtatagubilin ko ang aking espiritu!” (Lucas 23:44-46)**

Isa sa mga pinakamatitingkad na tema ng Ebanghelyo ni Lukas ay ang pagkilos ng Banal na Espiritu sa buhay, ministeryo, kamatayan at muling pagkabuhay ng ating Panginoong Hesu-Kristo hanggang sa ikalawang aklat ni Lukas, Ang aklat ng mga Gawa, na nakita natin ang pagkilos ng Banal na Espiritu sa buhay ng Iglesya na nag-umpisa sa panahon ng Pentecostes (Gawa 2). Ang huling wikang ito ng ating Panginoong Hesu-Kristo ay naghahayag ng Kanyang malaking pagkilala sa kalikasan at kapangyarihan ng Banal na Espiritu na kung saan ay may kaganapan lamang sa Kalooban ng Diyos. Ang tinutukoy ng ating Panginoong Hesu-Krusto ay ang Espiritung Kanyang kinilala sa kanyang pag-uumpisa ng Kanyang ministeryo (Lucas 4) at nagdala ng laman ng Mabuting Balita para sa lahat. Ang Banal na Espiritu ang Siyang kapangyarihan na nangunguna sa atin upang gawin ang mga bagay na nais ng Diyos sa kaganapan ng Kanyang kalooban. Ito ang nag-udyok sa ating Panginoon na kahit harapin ang kamatayan sa krus, nasa Diyos pa rin ang Kanyang buong tiwala. Ang kapahayagan ding ito ng ating Panginoong Hesu-Kristo ay nagpapaalala sa atin na ang lahat ng ating gawain ay sa Panginoon natin isusulit. Isang paalala bilang kabahagi ng lisang Katawan ni Kristo upang gampanan ang tungkulin na iniudyok sa atin ng Banal na Espiritu. Ang Banal na Espiritu ng Diyos ang Siyang gagabay at magpapaalala sa atin na ang ministeryo, kamatayan, muling pagkabuhay ng ating Panginoong Hesu-Kristo ay isang paglalakbay sa ikalulugod ng Diyos. Kahit sa panahon ng kamatayan, isa itong pagtatagumpay sa Panginoon na hindi Niya iniwan ang Misyon ng Diyos sapagkat ang Espiritung nasa Kanya ay sa Diyos na may Akda ng kabutihan, pag-ibig, kapayapaan at katarungan sa Sangnilikha. Ito ay nagpatuloy pa sa Kanyang Iglesya, tayo na Kanyang pinili na magpapatotoo ng katagumpayan ng Diyos laban sa kamatayan at kasalanan. Amen



## **GABAY LITURHIYA SA LINGGO NG MULING PAGKABUHAY (RESURRECTION/EASTER SUNDAY)**

### **SALUBUNGIN NATIN ANG CRISTONG NABUHAY NA MAG-ULI**

**Awit Prosesyonal**

***“Si Jesus ay Nabuhay” MASP 49***

**(Habang pinatutunog ang kampana ng simbahan)**

**Tawag sa Pagdiriwang**

Patnugot: Halina at sama-sama nating puntahan ang ating Panginoon sa Kanyang libingan

Kapulungan: Hindi ba delikado? Hindi ba wala na ang ating Panginoon?

Patnugot: Halina at sama-sama nating puntahan Siya bilang paggalang sa Kanya bilang Panginoon

**(Katahimikan)**

Pastor: Si Hesus ba na ipinako sa Krus ang inyong hinahanap? Wala na Siya rito nauna na Siya sa inyo sa Galilea

**LAHAT: BUHAY ANG PANGINOON! BUHAY ANG TAGAPAGLIGTAS!  
MANIWALA AT SAMBAHIN NATIN SIYA**

### **PAPURIHAN ANG CRISTONG NABUHAY NA MAG-ULI**

**+ Awit ng Pagpupuri**

***“Si Kristo’y Purihin” MASP 13***

**+ Panalangin ng Pagpupuri (Sabay-Sabay)**

Hindi Mo kami binigo aming Panginoon at Tagapagligtas. Ang Iyong pangako ay natupad, na sa ikatlong araw mula sa Iyong Kamatayan ay babangon Kang muli at ipapakita na napagtagumpayan Mo ang kamandag ng kasalanan; ang kamatayan! Purihin ka O Kordero ng Diyos! Purihin Ka aming Dakilang Saserdote! Maghari Ka ngayon sa amin, ngayon at magpakailanpaman. Amen!

**+ GLORIA PATRI**

### **BUMALIK TAYO SA CRISTONG NABUHAY NA MAG-ULI**

**Tawag sa Pagsisisi (Patnugot)**

Tayo ba ay nanghina ang loob gaya ng mga alagad na nagpasya na umuwi sa Emaus? Tayo ba ay nagduda sa balita sapagkat hindi nakita ng atin sariling mga mata ang muling pagkabuhay ni Kristo gaya ni Tomas? Halina at masdan si Cristo na magpapakita sa atin ng ibayong sigla sa buhay na puno ng pagdududa at panghihina. Bumalik tayo sa Kanya

**Panalangin ng Pagsisisi (Sabay-Sabay)**

Aming Panginoon, patawarin mo kami kung kami ay natulad sa mga alagad Mo na nag-alinlangan sa Iyong pangako at kapangyarihan. Ibalik Mo kami sa Iyong piling na may lubos na pagtitiwala at lakas ng loob upang ipahayag na Ikaw aming Panginoon ay nabuhay at naghahari magpakailanman. Ito ang aming samo. Amen

### **Katiyakan ng Kapatawaran (Pastor)**

Sapagkat sa Kapangyarihan ng muling pagkabuhay ng ating Panginoon nahayag ang lubos na katiyakan sa katotohanan ng kaligtasan at pagbabago. Halina at sama-sama nating kilalanin ito. Si Kristo ang naghahari sa ating mga puso. Amen

### **IPAHAAYAG ANG CRISTONG NABUHAY NA MAG-ULI SA ATING PAGMAMALASAKITAN**

#### **Ang Pagbabatiang Kristyano (Pastor)**

“Celebrate Jesus Celebrate”

Celebrate Jesus Celebrate! (2x) He is risen(3x)

Come on and celebrate (2x) the resurrection of our Lord

#### **Balita at Malasakit ng Iglesya**

### **ANG CRISTONG NABUHAY NA MAG-ULI AT ANG PROKLAMASYON NG KANYANG SALITA**

#### **Sa Ebanghelyo**

#### **Tugong Awit**

#### **“Santa Biblia”**

Santa Bibliang marangal, ikaw ay isang yaman,  
Sa aki’y tinuturan mula ko’t hahantungan  
Sumasaiyong tunay Banal na Kaalaman

#### **Sa Awit**

#### **Sa Mensahe**

#### **Sa Sakramento**

- **Kompirmasyon ng Bautismo**
- **Pagdiriwang ng Banal na Komunyon**

#### **“Kay Laking Hiwaga”**

Hindi ko maisip kay laking hiwaga, kay laking paglingap pagpapakasakit,  
sala naming tao ng Iyong akuin walang hangganang Dios ang ‘Yong pag-  
ibig

Ang abang lingkod Mo’y di karapat dapat, sa’Yo’y makisalo,  
makipaghapunan, di na nagnanais ng maraming bagay, sapat ng  
madamang Ika’y kapiling

Nang aking malasin alak at tinapay, aking kagalakan ay walang mapagsidlan, di kinakailangan akin pang wariin, kung bakit ang ligaya ko'y walang patid

**PAGTATALAGA SA CRISTONG NABUHAY NA MAG-ULI**

**Tawag sa Paghahandog (Patnugot)**

Marapat na pasalamatang ang Diyos sa biyaya ng buhay at ng buhay na mag-uli. Isang hamon sa atin na maging matatag tayo lalo na sa pagkakaloob ng ating buong lakas sa ministeryo ng Iglesya

**Ang Paglikom sa Kaloob at Handog na Awit**

**+ Doksolohiya at Panalangin ng Pasasalamat**

**Awit sa Paghayo**      *“Alam Kong Si Kristo’y Nabuhay” MASP 55*

**PANALANGIN NG PAGTATALAGA AT BENDISYON (Pastor)**

**TATLONG AMEN**

## **GABAY SA KOMPIRMASYON REV. MARLINO V. SAMONTE**

### **ANG GAWAIN NG KOMPIRMASYON**

Ang Kahulugan ng Kumpirmasyon:

“Ito ay salitang Kastila na nagmula sa salitang Latin na “CONFIL” na ang ibig sabihin ay PAGPAPATIBAY... Ito’y pagpapatibay ng Bautismo na tinanggap ng isang bata o sanggol pa lamang sila...

[mula sa Communicant Manual sinulat ni Reb. Celso I. Saliendra]

### **R I T W A L**

Pastor : Sambahayan ng Diyos, atin ngayong tatanggapin sa pagiging ganap na kaanib ang mga kapatid

---

Noong sila ay sanggol pa lamang, sila ay binawtismuhan at tinanggap na sa kaisahan ng ating simbahan. Ngayon, sa kanilang sarili, sila ay dumudulog sa harapan ng Diyos at sa kapulungang ito upang pagtibayin ang mga bagay na isinagawa sa kanila sa bawtismo. Sa ating ginagawang pagsamba ngayon ay ipinahahayag nila ang kanilang pananampalataya, iniaalay nila ang kanilang buhay sa paglilingkod sa Diyos, at ipinangangako ang pakikibahagi sa UCCP bilang mga kasamang lingkod at katuwang sa pagatatag ng Kaharian ng Diyos...

### **ANG KAPAHAYAGAN NG MGA KUKUMPIRMAHAN**

[Apostles Creed]

### **ANG GAWAIN NG PAGPAPATIBAY**

[Luluhod ang mga kukumpirmahan, at sa kanilang tabi ay ang kanilang mga magulang at mga piniling pangalawang mga magulang... laabot ng mga Presbitiro ang mga simbulo ng kanilang pagpapatibay: (1) Banal na Kasulatan (2) Kandila na may ningas (3) Langis na may kahalong Asin...]

Banal na Kasulatan: Ang Bibliya ay gabay tungo sa isang landasin na ninanais ng Diyos para sa atin. Dito ay nakapaloob ang kaganapan ng buhay, ang kaligtasan, paglilingkod at kalayaan... Marapat lamang sa isang nagtatalaga ng sarili sa Diyos na ito’y saliksikin upang ang

kapahayagan ng pag-ibig ng Diyos ay maging ganap at magsilbing pundasyon sa bawat ugnayan...

Kandila : Ang kandila na may ningas ay sumasagisag sa liwanag at tanglaw na inyong lalakaran bilang mga nakasumpong ng katotohanan kung paano at gaano kabigat ang maging ganap na kaanib ng Iglesya... Ang liwanag na nagmumula sa kandilang may ningas ay simbolikong bigkis din ng ating pananampalatayang na sa atin ngayon... Bilang inyong mga piniling gabay sa inyong pananampalataya, magsilbing ilaw sila [pangalawang ng magulang] sa inyong buhay na gagabay sa inyo sa oras ng inyong pag-aalinlangan, pagsubok, at pagtatanggol sa inyong pananampalataya...

Langis : Ang langis sa Banal na Kasulatan ay isang matandang kagamitang pampahid sa mga tao na ibinukod-tangi, o kaya ay sa mga tao na itinalaga sa mga natatanging layunin at banal... Ang asin at ilaw ay pinagsama natin ngayon sa pamamagitan ng langis... Sa pagpapahid namin sa inyo ng langis na ito ay itinatalaga kayo bilang mga “asin at ilaw ng sanlibutan”... Kalakip nito ang isang katungkulang maging kabalikat kayo sa pagpapatotoo ng pananampalatayang dinadala ng Iglesya, at sa kanyang paglilingkod sa kapwa, sa pamayanan, at buong nilikha... “TAGLAYIN NINYO NGAYON ANG TANDA NG INYONG PAKIKIPALOOB SA PAMAYANAN NG DIYOS...”.

**ANG KAPAHAYAGAN NG PANANAMPALATAYA**  
[UCCP Statement of Faith]

... sa pangunguna ng mga itinatalaga ...

**ANG PAKIKISALO SA HAPAG KAINAN NG ATING PANGINOON**

**ANG TANDA NG PAGTANGGAP**

[sa panahong ito maaaring ipagkaloob ang Katibayan ng pagdalo sa Confirmation Class...]

**MANGA NAGING GABAY SA PAGGAWA NG LITURHIYA  
AT RITWAL SA KOMPIRMASYON:**

[1] Pagdiriwang ng Buhay Manual

- UCCP-SLJC Christian Education and Nurture

[2] Manual para sa Kompesmasyon

- UCCP-SLJC Edukasyon at Pangangalagang Kristiyano

[3] Communicant Manual

- Rev. Celso I Saliendra / Rev. Ronnie I. Saliendra (February 2006)

[4] Manual para sa Kompermasyon

- Rev. Marlino V. Samonte (June 2010)

## **GABAY PAGHAHANDA SA KASAL KRISTIYANO**

### **REV. GILBERT L. SUAREZ**

Mga Gabay na Tanong:

- Paano natin pinahahalagahan ang Kasal?
- Ano ang kahulugan ng Kasal?
- Ano ang Kasal para sa atin bilang mga Kristiyano?
- Ang kasal ba ay isang ritwal lamang ng pag-iisang Dibdib?
- Bakit ang Kasal ay Banal?
- Ano ang kabanalan ng Kasal Kristiyano?

Ang kasal ay hindi isang ritwal lamang na isinasagawa ng Simbahan o maging sa Pamahalaang Sibil na kasalan. Ang kasal ay may malaking alituntunin, layunin, responsabilidad at pananagutan sa bawat isa na nagpapakasal.

Una sa panig ng ating batas sa Republika ng Pilipinas ay may mga patakaran at tuntunin sa pagpapakasal gaya ng mga sumusunod:

1. Kailangan muna makita at mapatunayan na walang pananagutan ang isat-isa sa nagpapakasal. Kaya kailangan sila ay kumuha ng CENOMAR sa tanggapan ng Philippine Statistic Authority. Upang matiyak na wala kapwa silang pananagutan sa isat-isa.
2. Kailangan magproseso ng Marriage License ang ikakasal kung bagong magpapakasal pero kung matagal ng nagsasama at may higit limang taon na at may mga anak na at wala kapwa pananagutan na kasal sa iba ay hindi na kailangan ang Marriage License ayon sa Executive Order No. 209 Amended by No. 227 The Family Code of the Philippines Art. 34.
3. Kailangan din ang kapahayagan ng kapahintulutan ng mga magulang para sa wala pang 25 taong gulang.
4. Kailangan din ang mga pagdalo sa seminar na inilulunsad ng Local Civil Registry lalo na ang tungkol sa Family Planning Seminar at iba pa. Pangalawa sa panig ng ating Simbahan ay may mga patakaran at alituntunin sa kasalang Kristiyano gaya ng mga sumusunod:

1. Ang kasal ay Banal sa mata ng Panginoong Dios at sa mata ng mga tao ayon sa Banal na kasulatan. Sapagkat ang Dios ang nagtatag nito ayon sa Kanyang banal na panukala para sa ikasasakdal ng buhay ng tao. Ito'y pinagpala ng Panginoong Hesukristo at buong tapat na itinuro ng mga

Apostol. (Genesis 2:21-24; 1Con. 13:4-7;13; Hebreo 13:4-5; Tesa. 4:3-6) kaya dapat igalang ang kasal at hindi ito basta-basta ritwal ng kasal Kristiyano ng Simbahan.

2. Dapat isaalang-alang ang kabanalan ng kasal Kristiyano. Na maipakita ang tunay na diwa ng pag-ibig at pagmamahalan ng isat-isa.

3. Kailangang tapat sa pagpapakasal ang bawat ikinakasal sapagkat ito ay may kabanalan para sa pagbubuo ng isang bagong itatag na pamilya ng Dios.

4. Kailangan bago ang kasalan ay may mga seminar din ang Simbahan para sa mga ikinakasal. Dapat may Marriage Counselling muna sila na pangungunahan ng Pastor at mga Elders ng Simbahan.

5. Kailangan masuri at matasa ng mabuti ang damdamin at makatotohanang pagpapahayag ng pagpapakasal ang bawat isa na ikakasal.

6. Kailangan masuri ng mabuti ang kanilang mga kinaukulang papeles sa pagpapakasal bago ikasal ng Pastor sa Simbahan.

7. Kailangan ang mga kukuning ninong at ninang ay may mga kaanib ng Simbahan.

8. Kailangan ang ikakasal ay makipag-ugnayan ng mabuti sa Simbahan na pagkakasalan at lalo na sa Pastor na magkakasal para maihanda ang mga kakailanganing kagamitan sa kasalan at iba pang mga paghahanda, para sa kaayusan ng daloy ng kasalan.

9. Kailangang bigyan ng sapat na panahon ang mga pag-aasikaso ng pagpapakasal at hindi dapat ito ay isinasagawa ng daliang pag-aasikaso upang maging maayos ang lahat at walang na maging maraming aberya at mali sa gagawing kasalan.

Ito ang mga pangunahing dapat tandaan sa paghahanda sa pagpapakasal sa Kristiyanong Kasalan.